# CHAPTER 13

Kurt's POV;

Pag ka pasok ko pa lang ay rinig ko na ang ingay at iba't ibang amoy.. Nag pa linga linga ako at sa hindi kalayuan nakita ko kung nasaan si chloe kaya agad akong lumapit sakanya

"What sh*t is going on" halos pabulong na sabi ko

Hinawi ko ang buhok ni chloe at kitang kita na ang pamumula nito dahil sa kalasingan, napatingin ako sa mga bote na nasa harap namin at halos mapamura ako ng makitang puro hard drinks ang ininom nya

"Excuse me sir, kayo po ba ang kasama nya?" napatingin ako sa waitress na lumapit sakin

"A-ayeah why?"

"Yung bills po ni ma'am" sabi nya at binigay nya sakin ang bills at binayaran ko na

Tumabi ako sakanya at sinubukang gisingin sya..

"Heyy chloe wake up!!" sigaw ko dahil baka hindi nya marinig sa sobrang lakas ng tugtog sa stage

Umungot lang ito at bumalikwas ng higa, napahimas na lang ako s batok ko at mukang wala na rin akong magagawa kaya dahan dahan ko syang binuhat at idineretsyo sa sasakyan ko

It's already 6pm at mula umaga ay nandun na sya sa bar kaya hindi nakakapag takang lasing na lasing sya

Nang maiupo ko sya sa front seat ay bigla syang nagising at mukang nasa wisyo naman sya

"Good think you're awake... What happened to you huh? at the time of class nasa bar ka are you out of your mind? hindi ka naman ganyan ahh" sermon ko sakanya habang nasa loob kami ng kotse pero nakita kong nakatulala lang sya sa labas

Napahilamos ako ng muka dahil mukang wala naman akong kausap kaya inistart ko na ang kotse

"I'll take you ho---" hindi nya ako pinatapos mag salita

"No..." pagpuputol nya sa sinabi ko

"You're drunk... Kailangan mo ng mag pahinga"

"Take me somewhere, yung tahimik na lugar sana" mahinang sabi nya

"But--"

"Just....Take...Me...There please" mahinang sabi nya habang nakatingin sakin

Nakita ko ang mga butil ng luha sa gilid ng mata nya pero agad din syang umiwas

Pinaandar ko ang sasakyan ko at dinala ko sya sa place kung saan mataas ang lugar na ito at kita ang mga bahay at buildings at tahimik din dito

Mabilis syang lumabas kaya sumunod ako sakanya, tumingala sya at pumikit pinag masdan ko lang sya habang ginagawa yon pero nagulat ako ng makitang unti unting tumulo ang luha sa mga mata nya

"Chloe.." tawag ko sakanya at akmang lalapit sakanya nang sumenyas sya sakin

"Let me cry kurt... Just let me cry..." mahinang sabi nya at umupo sya sa damuhan

May kung anong kirot na namuo sa puso ko ng makitang umiiyak sya... This is the rst time i saw her eyes with pain while crying...

Tumabi ako sakanya habang patuloy pa din sya sa pag iyak, Hinayaan ko lang sya habang umiiyak ng tahimik... Hindi ako nakatingin sakanya dahil baka hindi ko kayaning makitang umiiyak sya

"I thought that you're so strong independent woman, but when i saw you crying in front of me i realize that even if you're the most strong person you still have weaknesses" sabi ko sakanya habang hindi nakatingin, rinig ko ang pag hikbi nya kaya masakit sakin na marinig yon

"I can pretend that everything's okay kasi hindi ko kayang sabihin yung side ko dahil hindi ko alam kung saan ko sisimulan at kung paano ko sasabihin... So i decided to cry until i'm okay" sabi nya habang humihikbi pa

Hindi nako nag salita at hinayaan na lang syang umiyak pa ulit ng umiyak hanggang sa tumunog ang phone nya

"Not now, not ever" bulong nya at pinatay ang tawag

"Who's that?" tanong ko

"It's Lucas... Don't ask me why i'm tired to explain my side" sabi nya at unti unti syang bumabalik sa nakasanayan kong chloe

'Seryoso, cold ang dating, walang pakialam sa paligid, walang kibo'

Maya maya pa ay dumeretsyo sya sa kotse... Binuksan nya yung pintuan sa likod at kinuha ang motor nya... My car it's like a truck may space sya sa likod na pwede mong lagyan ng kung ano ano

"Are you sure you can drive? pwede naman kitang ihatid" tanong ko sakanya habang nag hehelmet sya

"Kaya ko... Thank you ulit sa pag sama" sabi nya at tumango na lang ako

Sumulyap pa sya sakin saglit tyaka agad na pinaandar ang motor nya... Tinignan ko sya hanggang sa makalayo, ngumiti ako ng mapait at napabulong

"Bumalik na sa dati ang chloe na nakilala kong walang pakialam sa mundo at seryosong tao" bulong ko at pumasok na sa loob ng sasakyan ko at pinaandar na yun pauwi

'No matter what happen i'll stay with you chloe.....'

Chloe's POV;

Pinarada ko agad ang motor ko sa garahe tyaka nag derederetsyo sa loob pero naabutan ko dun si dad

"Saan ka galing?" seryosong tanong nya at mukang alam naman nya ang sagot

"Sa Red Dwarft Bar" walang ganang sagot ko

Napailing sya at tumingin sakin ng seryoso... So eto na naman kami mag aaway na naman

"Nag cut ka ng class para jan na lintek na bar na yan? and wala kapa sa legal age para sa ganyan chloe! ano bang pumapasok sa utak mo at ginagawa mo yan?" galit na tanong nya at kita ko ang pag yukom nya ng kamao nya

"I know what i'm doing dad" seryoso kong sagot

"Pero hindi mo alam kung anong magiging resulta! bakit ba hindi mo na lang gayahin yung kambal mo!" sigaw nya kaya napapikit ako at medyo naramdaman ko na ang hilo dala ng kalasingan ko

"Cuz i'm different from him dad, i'm tired of explaining everything about myself, sorry for the word dad Goodnight" sabi ko at paakyat na sana ng makita ko si mom sa kusina na nakatingin sakin

Tinapunan ko lang sya ng konting tingin tyaka ako umakyat sa kwarto ko, bumabalik na naman yung halo halong sakit at galit sa puso ko.

*Crinfggggg* Cringggg*

*Clyde's Calling

At doon nag simulang tumulo ang luha ko at agad na sinagot ang tawag

"Hey twi---" hindi nya natuloy ang sasabihin nya ng makita nya ako

"Zup" hikbing sabi ko

"What happened?" nag aalalang tanong nya

At nag simula nakong mag kwento sakanya mula sa away namin ni damon hanggang sa pag kakagalit namin ni at syempre sinama ko na din yung about kay lucas

"I told you! kaya pala hindi palagay yung loob ko dun s lucas na yun ganyan lang gagawin nya sayo! don't worry malapit naman na akong bumalik jan at hindi nako aalis sa tabi mo" sabi nya na agad namang nag pakalma sakin

"I'll wait for you... I really miss you wala na akong kakampi dito" sabi ko sabay punas ng luha

"Hahaha stop crying chloe hindi ako sanay na iyakin ka" pang aasar nya pero sinamaan ko lang sya ng tingin

"Tuleg! pumasok kana nga badtrip ka" inis na sabi ko at agad na humiga

"Hahaha okay by the way ikaw ng bahala sa gift ko kay papu ah" sabi nya na agad namang kumunot ang noo ko

"Gift? for what?" takang tanong ko pero tinignan lang nya ako at unti unting nanlaki ang mata ko

"Damn!! birthday pala ni papu bukas" sabi ko at tumawa lang sya

"Sige na papasok na kami ni kuya inigo" sabi nya at agad na pinatay ang tawag

"Sh*t chloe sa dami ng kakalimutan mo bakit birthday pa ni papu" bulong ko sa sarili ko

Nag linis lang ako ng katawan at agad na natulog at bukas bibili ako ng regalo para kay papu

KINABUKASAN

Naalimpungatan ako dahil nasilaw ako sa sikat ng araw, tinignan ko ang oras sa side table ko at it's already 7am kaya bumangon nako at nag hilamos bago bumaba

Pero wala akong naabutan kaya pumunta ako sa kusina at nakita ko ang note na nakadikit sa ref

"Mauuna na kami ng daddy mo, sumunod ka na lang dahil mag luluto pa kami don, take care "

Ngumiti ako ng mapait dahil mukang iwas na din sakin si mom, ngayon lang nangyayari ang lahat ng ito

Agad akong gumayak at nag soot lang ako ng jagger pants at simple t-shirt na tinernuhan ko ng white shoes

Lumabas ako sa garahe at sumakay sa motor ko, hindi ko maipagawa ang kotse ko dahil wala na akong time, pinaandar ko na ang motor at pumunta sa mall

'Saturday nga pala ngayon kaya medyo maraming tao'

Pumasok na ako sa loob at dumeretsyo sa bilihan ng relo, tumingin tingin ako doon at mukang mahihirapan akong mamili

"Goodmorning ma'am" bati ng sales lady sakin at nginitian ko naman sya

"Ano yung bagong labas na relo ngayon?" tanong ko

"Sa boyfriend nyo po ba?" tanong nya kaya napatingin ako sakanya

"Nope, for my lolo" sabi ko at agad naman nyang pinakita sakin yon

Inorder ko na yun kaya nag hintay muna ako at umupo, nilibot ko pa ang paningin ko sa buong store at nagawi ang paningin ko sa pintuan

"Kung minamalas ka nga naman oh.." bulong ko sa sarili ko

"Look sis ang gwapo ni sir"

"Omygoshhh oo nga!!"

"Wait lapitan ko lang hihi ang gwapo nya"

Lumakad na parang surot ang sales lady papunta kay damon at agad na kinausap namab ito

At itong si san goku naman panay ang ngiti kaya halos mag lumpasanay na sa kilig ang sales lady

Nag lakad naman pabalik ang sales lady at mukang may kukunin ito, hindi ko na lang pinansin yun at tinignan na lang ang phone ko

"Oww look who's here, the manang queen" rinig kong pang aasar nya kaya tumingin ako sakanya

"Hoy goku kung wala kang matinong sasabihin wag kana mag salita" inis na sabi ko

Tatawa tawa syang umupo sa harap ko at mukang mang aasar na naman

"So kung ako si goku what if kung ikaw naman si vegeta" ngiting sabi nya pero sinamaan ko sya ng tingin pero bigla syang sumeryoso

"Hindi pa ako nakakaganti sa ginawa mo kay shine kaya be ready chloe i'll make your life a living hell" seryosong sabi nya pero ngumisi ako

"Then do it, puro ka salita masyado kayong madada ng kaibigan mo wala rin naman palang maibubuga" sabi ko at ngumisi sya

"Haha so it's lucas huh!? anong akala mo sa kaibigan ko easy to get? kung katulad mo lang naman ang makakatuluyan nya gagawa at gagawa ako ng paraan para malayo sya sayo" maangas na sabi nya

"Tsk! bakit akala mo ba gusto ko yang kaibigan mo? don't be jealous goku ikaw ang favorite ko" nakakalokong ngisi ko sakanya

Hindi na sya nakasagot dahil dumating na ang inorder ko at pinabalot ko na din yon

Tumayo ako at humarap muna sakanya

"Nasabi ko na sayo to pero uulitin ko lang... San Goku don't play with me cuz i'm the worst enemy" sabi ko at nag tuloy tuloy ng lumabas

Dumeretsyo na agad ako sa parking lot at sumakay na sa motor ko. Ilang saglit pa ay nakarating din agad ako kila papu, pag baba ko ng motor ay sumalubong agad sakin ang mga pinsan ko na parang ang lungkot lungkot ng muka nila

"Buti dumating kana..." malamyang sabi ni caleb

Hindi ako sanay sakanya nya sobrang tahimik nya dahil saming mag kakaibigan or mag pipinsan sya lang ang maingay

Pumasok na kami sa loob at sobrang tahimik nila hanggang sa mapatingin ako sa hagdan dahil may bumababa na doctor

"What's the meaning of this?" Takang tanong ko pero nginitian lang ako ng doctor at nilagpasan ako

Halos lahat sila ay nakatingin sakin kaya nag madali akong umakyat sa kwarto ni papu, pag ka bukas ko non ay nakita ko sa higaan si papu at katabi nya ngayon si mamu

"Akala ko hindi kana dadating apo" pilit na ngiting sabi ni papu kaya tumabi ako sakanya at yumakap

"Hindi pwede yun papu" sabi ko at hindi ko napigilang napaluha

Now i know kung bakit may doctor dito... sumakit na naman siguro ang ulo nya dahil may brain tumor na nga sya

Nakita kong lumabas si mamu kaya naiwan na lang kami ni papu... hindi ako makapag salita sakanya dahil naaawa ako sa itchura na pinapadating nya, mukang hinang hina na sya at pagod na sa sakit na nararamdaman nya

"Happy birthday papu" sabi ko at inilabas ang relo na binili ko at agad na sinuot sakanya

"Gusto kong suotin mo to papu araw araw ha... para hindi mo ako makalimutan" sabi ko at tumulo ang luha

"I will apo, salamat..." sabi nya at parang nanibago ako dahil ang tahimik na nya

Tumingin lang ako sakanya pero ngumiti sya na parang pagod na pagod na, duon na sunod sunod na tumulo ang luha ko

"I can't imagine myself without you papu..." sabi ko habang nakayakap pa din sakanila

"If i was gone just look at the stars, tell me whatever you want to talk about cuz i'm always here to listen, God saw me getting tired so darating ang araw na pag papahingahin nya na ako apo... I trust you apo" sabi nya kaya napayakap ako ng madiin

Sa tono pa lang ng pag sasalita nya ay parang namamaalam na sya sakin, hindi ko maisip kung paano na ang gagawin ko kung wala sya s tabi ko lalo na't hindi ko pa kayang ihandle ang pagiging soon to be queen ng Maa's

*Tokkkkkk*Tokkkk*

"The lunch is ready, baba na kayo chloe apo" ngiting sabi ni mamu kaya ngumiti ako kay papu bago bumaba

Umakyat sila tito karl para ibaba si papu kaya dumeretsyo nako sa garden dahil doon namin nakasanayang kumain kapag nag sasama sama kami, nakita kong nandoon na silang lahat at tahimik sila pero hindi ko na lang pinansin at umupo na sa tabi ni marcus

"I want to talk to you later" bulong sakin ni marcus kaya tumango na lang ako

Nag start na kaming kumain at masayang nag tatawanan sila papu at masaya naman akong nakikita syang ganun, ilang sandali pa ay natapos na din kaming kumain kaya inaya ako ni marcus sa pool side kasama sila ate snow, arabella, caleb, sydney, irene,

"Palapit ng palapit ang panahon mas nagiging delikado tayo, rilyssa told me na may naimbistigahan sila nila tito chad sa quezon na kumikilos na ang horizon and worst may nabuong bago" mahabang sabi ni marcus

"Demolition ang pangalan ng group nila, at narinig ko ay isa na rin sa pinaka delikadong magiging kalaban natin don. " sabi naman ni ate snow

"We really need to be careful and alert guys" seryosong paalala ni ara at sa puntong iyon may namuong kaba sa loob ko

"At ang pag kakaalam ko ang target ng dalawang group na yon ay ang magiging queen at ikaw yun chloe" sabi naman ni sydney

Hindi ako makapag salita dahil hindi ko alam ang pwedeng sabihin

'Hindi ko kaya! Hindi ko alam kung paano ang gagawin"

"I guess kailangan ng training ni chloe" napatingin kami sa likod at nakita namin sila papu, tito kevin, tito karl, tito kenji, and si dad

"All you have to do is to practice, just believe in yourself. And chloe be who you are not who the world wants you to be" sabi ni papu kaya nag karoon ako ng lakas ng loob para sa sarili ko

"I will do what i think is right, we can do this" sabi ko at ngumiti

"Be brave" napatingin ako kay dad ng sabihin nya yun

"I will" seryosong sabi ko

"I proof to myself that i can walk through hell and still be an angel"

**************

KEEP READING( ˳♡‿♡ ˳ )